—Há, at úutusan ako ng aking panginoón! Makapal nga naman ang mukha nito. Pati aretes ng aking anák ay naisanla mo na upang ipamayad sa iyong mga *trampás*, ay ibig mo pang *ipakto-retro* itóng bahay naming mag íiná.

—Huwag po kayóng maingay at kahiyahiya tayo.

—Ang lagay ba e ngayón ka mahihiya. Si Sr. Don Bachoy daw itó kun tawagin, ché, kundi ka pa kapak!

—¡. . . . . !

—Kun sa akin nga'y walang señor, señor, lalo't gaya mong walang utang na loób.

—Tigil na po kayó, baka kayo'y aking *libeluhin*.

—Libelo, ó, heto ang libelo—at si Bachoy ay sinurot surot ng kanyáng biyanan hangang sa mapasulot ang dalawang daliri nito sa mga butas ng ilóng ni Bachoy, na nagkanbabahin tuloy sa gayong pagkákiliti.

Nang gabi ring iyon, pagka't gabi ng mangyari, ay nákita ko si Don Bachoy na nasa bahay nga ng isang abogado at nagtatanóng kung *libelo* raw ang pagkakakiliti sa kanyáng ilóng ng kanyáng biyanang babae.

Kagaya rin ng Bachoy na itó ay marami riyan ang huwag mo lamang mapagpugayan lalo't may anák na dalaga, ay nagnanais nang magsakdal sa salang *libelo*. At mayroón pang tawagin mo lamang Dr. Ampaw kahi't licenciado nga sa Tontología, ay nagaakala nang siya'y *nilebelo*.

Ano pa't darating ang araw na ang pagngiwi, pagpipingkit ng matá ó pagsulyap ng tila paduling ay ipalalagay nang libelo ng mga naghahanáp kung gabi ng liwanag sa araw.

MARTINO OROPRONOBIS

⚜ ⚜ ⚜

¡Arúy, nakú!...

—=x=—

¿Nálalaman ba ninyó?

Sinabi po ng *Cablenews-American*, na umano'y gagawing 18 LAMANG! ang bilang ng ating mga Diputado. Opo, ¡¡¡18!!! lamang.

¡Nakú! ¡arúy, nakú!

At iyan daw ay siyáng ipasisiya ng Congreso.

Nguni't ¿naniniwala ba kayó?

Pues, sa ganáng akin, manikluhod man ng makásandaan si *Cable-merican* ay di ko paniniwalaan ni gabuhok.

Pagka't iya'y gawa lamang ng mga matatabil at mga manginginom, lalong-lalo na nga, ng mga pumuputok ang butsi dahil sa pagkakapagbawas sa kanilá ng... basabasa.

Pagka't iya'y isang bungang-isip ó pangarap lamang nila, at isang NUNO lamang na ibig gawing panakót sa mga pilipino.

¿Panakót? ¿pangtakot?

¡*Excelente* pangtakot!

***

¡Nakú!

Ito ang lalong di ninyo nalalaman, pustahan tayo, pag di totoo.

¿Ang alin?

Pues, ang *pagbabaka kanga ngayon* ng tatlong kandidata, *digo*, ng mga leader ng tatlong kandidata para sa Patronato ng Pilipinas.

¿At nalalaman ninyo kung ano ang nangyayari? Ganito po: ang mga leader ng dalawang kandidata ay nag-convencion, at sa «convencion» ay nápagkáisahang pagtulungan nila ang isá. O lalong malinaw: ang mga leader ng «Del Rosario» at ng «Purísima Concepción» ay nagkakaisa ngayon sa *paninirang balat* diyan ng «La Paz» upang ito'y ¡huwag nang pagsadyáin sa Antipolo! Ipinangangalat nila riyan, na umano'y:

—«¡¡¡Kaya nagkasunog sa Antipulo ay dahil sa ang galit ng Dios ay di na mapigilan: galit na siyang nagbulusok sa bayang Antipulo ng *apóy* ng Dios, upang maguiaw!!!

¿At nalalaman ba ninyo kung bakit daw nagágalit? Sapagka't anáng mga leader ay:

—«Ang pagpintakasi ng marami sa «de la Paz» ay di ginagawa sa «Del Rosario» ni sa «Purísima» na siyang dapat pintakasinin ng labis»

¡Arúy, naku!

Nakapangangalisag ng balahibong hipon iyan.

Kaginsaginsa ninyo'y... ipinadedenuncia ko kayo kay *Democracia* sa Diyos, sa Bayan, at sa kalahatán sanhi sa inyong inaasal.

¡Hála, huwag kayong mátali!...

At nang kayo'y lagpakán ng... paris ng lumagpak sa Antipulo.

DR. PARAPIT.

Mga pangahás!...

—— (:)——

«Kristianong makasalanan
kung sino ka't kung alin man,
dito ay iyong pagmasdán
ang gawa mong kahunghangán»...
pagka't kung di ka ba hangál
¿ano't iyong páparisan
ang lahat ng mamataáng
di man kaya't di mapasán?

*

Bákit kapág nákita mong
magara't bantóg si Pedro
ng pagsakay sa kabayo,
ay agad gágayahan mo,
gayóng di lingid sa iyong
ginete man ni Orlandong
tila apó ni Rodrigo'y
nabábasagan ng ulo?

*

Bákit pag may nakita kang
isang mabuting salaysáy,
ó isa kayang mainam
na «Tala sa Paglálakbay»,
ay ang gagawín mo nama'y
susulat, susuling-sulang
kahit na pangál na pangál
ang panulat mo sa kamáy?

*

Bákit kapág nakita mong
si Pulano'y polítiko,
si Sutano'y abusado
at si Mengano'y lasengo,
ikaw nama'y kahit gago
ay magpópoliticastro
at saka mang-aabusong
paris ni Gaddem na langó?

*

Ano't ikaw'y gaya gayang
parang anák puto maya,
walang kinokompetencia
kundi ang bawa't makita?
¿Di ba naháhalayan kang
ang moro-moro't comedia'y
mómoromorohin mo pa't
bastus na'y bábastusín pa?

*

¿Anó't kapág nápanood
na ang suót ni Bodigos
ay lebitang hangáng tuhod
at pantalong sotang-bastos,
ang gagawin mo nama'y... ¡uss!:
amerikanang sa likod
ay pigtás 1 a medio metros
at pantalong suman-ibos?

*

¿Bákit pag i.ong namatyág
ó nádin g ang palakpák
ng maraming nagagalák
ay magpápatunog palad,
gayóng hindi mo talastás,
kung ang sanhi ng halakhak,
ay iyong sa mga uslák
na pumatay sa Diyós anák?

*

¿Ano't kapág nákita mong
ang santa-kurós ng Mayo'y
maliit, pagka't *proyecto*
ng mga musmós sa mundo,
agad na áalamín mo't
pag náhalal kang hermano'y
magpápalalong dikonó
ay mayaman pa kay Yangko?

*

Ikaw naman, aling Kuwang
sa paghilot ay nakialam,
¿ano't pinanghimasukan
ang hindi namámalayan?
¿Pano ngayon, pano iyang
pagpapaanak na ganyáng
kung ang bata'y lumabás ma'y
sa.... tulak? at ¿ang inunan?....
¿bábayaan mong maiwan?....

MANGLILIPA

⚜ ⚜ ⚜

Ang aking kautuán...

——(:)——

Isáng sulat, isá sa mga karaniwang akdain pará sa sarili na kinúkusang ingatan ng mga *taong* nagpápalagay na *malaking tao* sa sarili upáng gawing tagapagpagunita sa mga dinaanan niláng buhay, kabuhayan at pamumuhay, ang kahapon sa gabi'y nápulot ko sa daán at may ganitóng lamán:

ANG AKING KAUTUÁN...

Ngayo'y ikâ 16 ng Mayo.

Umagang-umaga pa, ay pinatakbo ko sa daan ang isá kong anák upáng humanap at bumili ng isáng *Lipag Kalabaw*: iyang pahayagang nagíging sanhi ng boo kong hinagpís.

Isáng igláp lamang at dumating namán agád.

At binuklát ko nang madalian at sa lihim ang isá't isáng dahon, na parang may hináhanap na mahalagáng balita.

Buklát ng buklát. Ang matá ko'y nagkakanduduling sa pagtitig; ang aking noó'y ginígitian ng pawis gayóng maagang-maaga pa; ang dibdib ko'y sisikdó-sikdó na parang may kinatátakutan; ang lalamunan ko'y nananuyo sa laway, at ang ulo ko'y parang pinápasukan ng hangin. At sa gitna ng gayóng kalagaya'y námatamataan ko ¡oh, Dios sa kalangitán! ang aking hináhanap. Namatamataan ko ang karikaturang nagsasaád ng isang guhit ng aking kabuhayan. Namatamataan ko ang panibago na namang patama sa akin.

Sa gayo'y parang sinambilat akó ng kung anó at kasabay ang pagluha at pag-iyak. Parang musmós akó noon. Humáhagulhol akong parang *nenè*.

Mayamaya'y nawalán akó ng diwa at di naglao't napahimbing akó. Anó pa't ang diwa ko, na laging lílipadlipád na animo'y langáylangayan kung nagbábantáng umulán ang panahón, ay pumailanláng noón sa kaitaasan, at doon ko nakita ang mukha ng Dios ni Abraham. Ang malas ko'y nagtátawá siya sa akin: aywan ko kung anó ang ipinagtátawá. Iniisip-isip kong malaon, habang ako'y natitilihan sa haráp niya. Wala akong máisip. At sapagka't patuloy pa rin ang kanyáng pagtawa ay nagmakaamo akong sa aki'y manyaring ipagtapat lamang. Nguni't ¡oh!... lalo siyang nagtawá at humalakhak.

Sa gayo'y nápahiya ako at napalingon sa likuran; at dito, dito po ikaninyo namalas ko namang nagbunton ang di mabilang na anghel na pawang nakangisi, nakangiti, nagtatawanan at nagki-indatan. ¡Bah!—ang nabigla kong sambitla—¿bakit kaya? ¿bakit, mga alagad ng Dios?

Walang tumugon, at patuloy ang kanilang pagtawa.

¡Ay hirap!... Sa gayo'y ako na ang sa sarili'y nagusisa. Hinipo ko ang aking tuktok, baka may kung anó. Sinalat ko ang aking taynga, baka may kung ano. Hinaplos ko ang aking mga pisngi, baka may kung ano: at dinamá ko ang boong katawán, baka may kung anó. At... at.., at... ¡ay, Dios ko't panginoon! ¡¡ay, mayroon nga palal! kaya kagyat akong nahiya at biglang nagpatimbulik akó.

At siyang pagkamalay tao ko.

Hihingalhingal akong nag-isip-isip, binasa ko sa aking alaala ang mga pinagdaanan kong buhay (pagka't naniniwala akong «ang kapapangyari sa aki'y kapatid ng kabuhayan) at nakitakita ko ang mga nagawa kong ka

—¡Hola, paisano! ¿Que haces por aqui?

—Te diré; pasaba por aqui y me llamó la atención ese cartel que me ha interesado mucho.

— Ah si Se trata de la excelente leche **FUSSELL'S** que venden los Sres SMITH, BELL Y C a

—¿Lo conoces?

—Desde que la provamos, no tomamos otra en casa, viejos y niños. Te recomiendo que la pruebes. La marca ***Mariposa verde*** es la esterálizada y la marca ***Mariposa plateada*** es la evaporada. Ambas son requisimas.

—Gracias, y celebro el encuentro, que me resulta muy util.

—Los chocolates de "LA BILBAINA" no tienen rival.

—Productos puros, inmejorables. Fabricación esmerada.

—Ninguna ama de casa préscindirá de los chocolates de "LA BILBAINA" en cuanto los pruebe, pues son alimento sano, al par que delicioso.

Pedirlos á Pujalte y C.a

229 Muelle del Rey Telefono 366.

LA ESMERALDA

Escolta N.o 9 y 11.

— Magnificas joyas, que envidiaria una reina.....

—Son los regalos de boda que he recibido.

—Encargadas á Paris, sin duda alguna.

—No ciertamente. Todas compradas en la joyeria

LA ESMERALDA Escolta N. 9 y 11.

THE ST. LOUIS

Escolta 40

Este establecimiento es visitado constantemente por las damas mas elegantes de la capital, que encuentran alli la ultima novedad La Moda tiene su trono en el moderno "THE ST. LOUIS" de B. de Castro.

Escolta N.o 40.

PEDRO de JESUS
E HIJO

MARMOLLISTAS Y TALISTAS

Calle de Crespo 96 Quiapo

Lapidas, monumentos, pilas, estatuas, imagines y toda clase de obra de talla abonan la falta de Pedro de Jesus.

LAVANDERIA
de B. PINEDA

Aqui se lava la ropa de modo irreprodrable.

Blancura y brillo en la ropa blanca, especialmente las camizas y los cuellos.

Esmero por la concertacion de las prendas precision y baraturas.

Calle S. Pedro N.o 127 Y 1293 a Cruz Telefono N. a 1111.

hiyahiya at katawatawang kagagawán. ¡Nakilala ko ang aking kautuán!... kaya palá ang lahat na'y nagtátawa sa akin at ginágawa nila akong aliwan.

¡Oh, kaululán ng salát sa hatol!

Kaya, mula ngayo'y nagsisisi na ako at magtitikang di na mulimuling magpapaka-uto.

Hindi na akó magpapakagalit sa hindi ko dapat ikagalit.

Hindi na ako makikipamook sa gilingan sa hangin.

Hindi na akó magpapahalata kanino man ng aking kautuán.

Kaya mananahimik na ako.

¡Oh, ang aking kautuán!...

(Maj lagda) DR. AMBULANTE.

* * *

Ganyan ang boong laman.

Ngayón: ¿sino kaya ang taong iyan?

Aywan ko. Nguni't ¡*que caracoles na amoy koles*!... kung akó si Dr. Ambulanteng iyan, ay mangyari na nga ang mangyayari, dumating na nga ang dárating, magtawa na ang ibig tumawa, ¡hindi na namán akó makauurong kahit isang hakbang sa nilakaran ko nitong ilang áraw!

¿Anóng kailangan kung magtawanan man silang lagi?

¿Anóng kailangan kung maubos man ang salapi kong napagbilhan ng gayo't ganitó?

¿Anóng kailangan ng lahat ng iyan, huwag lamang mahalata nila ang parís ng sabi riyang... *aking kautuán*?

Nguni't... mabuti na nga namán ang ganyán.

Kaya binébendisyonán ko, sa ngalan ng Amá, ng Iná, ng Anák ng Espíritusanto at ng mga pamankin at apó sa tuhod.

Siya nawa.

Amén Jesús ..

SALABAY.

⚜ ⚜ ⚜

WASIWAS NG LIPA

——(:)— —

Ang mga balíbalitang nanggagaling sa labás ay may taglay sa ating isáng bagay na mahalagá. Dí umano si Taft, ang bantog na kaibigan ng bayang pilino at kilaláng amaamahán ng comisionado Pardo na aywán pa kung mabubugók ó hindi sa paghahabol ng *kartera*; ay nagbagong akala na ngayón tungkol sa ating karapatán at kakayahán sa pagsasarilí. Siyáng kahapo'y nanánabing wala tayóng káya kung ngangayón lamang, ay nagsabi raw sa isáng talumpati na mga dalawang taón pa ay *sigui Dagupan na, ang Pilipinas*.

Ibig din yata ni Taft na papurihan ang pagtuturong ginagawa raw sa atin ng mga amerikano, sapagka't talagá namang kahiyahiya ang isáng *maestro*, na sa loob ng sampung taóng pagtuturo ay hindi pa labasán ng mga *alumnong magagalis* na bata. Nguni't aywan ba kung bakit sa bayang ito ng mga doctor Ambo ay marami ang may makakating dila. May nagsasabing isá raw páhayagan diyang nápasakdal sa salang *pagkasalaula*, (pué) ang tinútustusan ng pisi ng isáng kung manabi'y malinis at magaling na *miriko*, bago'y hindi lumalampas sa uri ng isáng arbulariong aaliwin. May nagsasabing isá raw kandidato sa pagaalkalde ang nangangakong maáalis ang *sédula* at *amilyaramiento* kung siyá ang mápalagay sa gayong tungkulin, at kaya lamang naman ganitó'y upang magaanan ang mga *propietario* at ng huwag na siyang singilin ng mga *caserong* pinagkakautangan. Mayroon din namang nagpapalagáy na biro lamang ang *sosyalismong* nalalaman ng isá raw *sosyalista* riyan *hasta la médula de los huesos*, ayon din sa kanyang sabing mag-isá, gayong ang katotohana'y lampás lamang sa ulo ang hanging nakukulong sa kanyáng tuktok.

At lalong marami ang nagpapalagáy na si Taft kung nagsabi man ng gayón ay dahil sa kanyang *kandidatura* na marahil anila'y malapit *tumenbeleng* gaya ng *pagkatumbeleng* namán dito ng mga *progresista* (a) pederal, na ngayo'y pinagaabót na ng sama lalo't kay Alemany ng *Civil Servicio*, sísimulan ang pagbilang.

At kaya, anilá, hindi katakátakang mákita ang paglalawit ng kamay ni Ambó sa isáng chongo kung tumawag dati-dati sa pilipino, at hindi rin katataka, bagkus dapat hintin, ang pagtuntóng sa nagtatabaang sangá ng kahoy na «progresismo» ng mga ibong martinez, sa nais na makapanginain hanggang mabundát. At akó man sa sarili ko'y makapagsasabi ring na sa katwiran nga pala si Legaspi Florendo sa pagyari ng isáng bagong *partido* na ipinaglilihí pa lamang ay ipinagúumugong na ng mga dagat. Hindi nga dapat pagtakhán pagka't katutubo sa tao ang magisip ng kanyang ikagágaling, at kung hiníhintay ni Pardo ang *kartera* sa pagiging presidente ni Taft, ay hiníhintay naman nitó ang kanyáng ipagwawagi sa halalan, sa *bagong akalang* iyan tungkol sa kakayahan ng mga pilipino.

Anopa't ating masasabi, na sa buhay na ito'y napapataás ang mga tuso, kaya kun sa katusuhan din lamang ay huwag na si Taft ang ituro pagka't dito man sa atin ay mayroon at mga áligihan pa. Magsabi, kung hindi katotohanan ito, ang mga *escudero gratis* ngayón ay isáng bagong Quijote na nariyang pagalagala at palaging sa lilim ng sampalok namamanság, pagka't doón nábibilí ang kanyáng lakong mga kayabangan.

Pagkabutibuti ngayón ng mga pamamalakad sa buhay:

Magaral ng polítikang dalawáng mukha at sápilitang mápapataas.

Umamongamong sa mga may kapangyarihan kung ibig makáhigop ng basabasang mainit at madaling itabá kahit ng mga di magamót na inuulyabid.

Ang makagawa ng ganitó, bukod sa di na dadaigín ng mapagsalamangkáng si Josue Turiakot, ay magkakaróon pa ng katungkulan at mga indulgenciang di na bibilhin sa alin mang konbento upáng iyaman pagkatapos ng mga fraile ¡ay! na ináayawan man ng bayan ay ipinagtatanggol namán ni *Vida*.

¡Ay *Vida*, ay *Buhay*!
¡ay *Buhay*, ay *Vida*!
luto na ang nilugaw
sa maluwang na sakristia....

SUGIGI

⚜ ⚜ ⚜

"Dancing School" sa Ubandó

— o —

Kakákasál pa lamang ni Goyo at ni Sebya noóng ika 5 nitó ring Mayo, ay nákita ko na niyóng linggó 17, na halos magkanghuhulog kapwa sa trambiyá nang pagsakáy.

—Oy, saán kayó páparoón niyán?—ang tanóng ng isáng babaing kakilala na nakákita sa kanilá.

—Sa Ubandó.

—At anó?

—May pangako ba itóng si Sebya na sásayaw kay San Pascual at kay Sta. Clara.

—Anó namang dali ninyóng mangako: ¿di ba't may sanglinggóng mahigit lamang kayong kasál?

Si Sebya na ang sumagót ng pabulóng, nguni't naririnig ko rin pagka't akó ma'y kasakáy.

—Nalaman mo, eh may pangako na kaming pasa Ubandó, noon pang di kami kasál.

—Anó ang ipinangako ninyó noón?

—Tila hindi ka namán nagdaán sa pagkadalaga, kung ikáw ay magtanóng.

—Abá eh nagdalagá akó't nagdalagá, nakasál pa kamí ni Berto, at labing isa na't lahát ang aking anák, puera pa ang náaswáng na dalawá, ay hindi ko masabing nakápangako na diyán sa Ubandó kaming mag-asawa.

—Ano nama't nakalabíng isá ó labing-tatló na kayóng anák ay sa tandâ ko'y hustóng pitóng taón pa lamang kayóng kasál; ¿hindi ba't nakapagkaguló na sa kastila nang kayó'y...?



—¡Hola! tú por aquí?
—Acabo de llegar por el último tren.
—Vienes por negocios ¿eh?
—Sí, vengo á encargar trabajos de imprenta de mucha importancia y á comprar estuches, marcos artísticos, y una infinidad de objetos análogos. Pero te confieso que no sé á donde acudir. Esto me tiene muy preocupado.
—Pues, no hay que apurarse. Precisamente ahí tienes á Isidro R. Morales, cuyo establecimiento no tiene rival.

JAMON PIÑA—Nosotros, sí, que no tenemos mucha quebradura de cabeza, como otros mortales.....
JEREZ SPORTMAN—¿Por qué?
JAMON PIÑA—Porque no tenemos más que una sola preocupación, la única.....
JEREZ SPORTMAN—¿Cuál es?
JAMON PIÑA—La de que el buen Heiser no nos deje entrar en estas islas donde hoy nos consumen en grande.

—Hija, por desgracia me han declarado cesante, y por tanto, ya ves que no tenemos para pagar la casa y sufragar los gastos de este mes. No encuentro otro medio, que suplicarte acudas á alguna Agencia de empeños.
—Ahora mismo voy, á la Agencia de empeños de Zacarías de Guzmán establecido en la calle de Villalobos N.o 44. Kiapo, en donde se dá buen precio á las prendas con interés módico. Puedes, pues, estar tranquilo.

Agencia de Empeños, Calle Villalobos N.o 44. Kiapo

SOMBRERERIA "LA BULAKEÑA"

ROSARIO 187.

—¿Qué dice el telegrama?
—Escucha: "Chicago, 10 Mayo.—"La Bulakeña." Se han puesto de moda aquí los sombreros de La Bulakeña, por su flexibilidad, elegancia y blancura. Envíeme pronto 5.000 sombreros "Parker"."
—Pues ya no podemos servir ese pedido; toda la existencia está comprometida aquí.

—Osted dispensarme, señor: mi quiere saber donde puedo comprar un sombrero como ese, tan ligero, tan elegante, blanco como la nieve y sin costura. Mi quiere llevar muchos á mi pais, en London.
—Ya se conoce que es V. forastero. Aquí nadie ignora que estos sombreros salen de la fábrica de

Vicente Liwanag

Lemery 149. Tondo

Pregunte por **LENTES TORICAS**

Las nuevas lentes de mucha curvatura.

La mejor para sus ojos.

Fabricadas por

CLARK & Co.
SCIENTIFIC OPTICIANS
76 ESCOLTA, MANILA, P.I.

Altos de la Botica Inglesa

LA CONFESION DEL "PATRIOTA"

«..... Fracasé, padre mio, en mi empresa; los impíos triunfaron, pero yo os prometo, padre, que haré una sonada para desagraviar á Dios Todopoderoso, á quien le pido, por intercesión de V. R., que me facilite los medios, digo fondos, para la campaña electoral, en la que espero vencerán los fieles, á fin de que "Venga á nos el tu Reino. Amén.»

PANGUNGUMPISAL NG "MAGITING"

«..... Nabigó po akó at nagtagumpay ang mg̃a kaaway ng̃ kaluluwá; ng̃uni't mataos ko pong ipinang̃ang̃ako sa inyo, among, na bigyan lamang ninyo akó ng̃ anting-anting (at lalong magaling sana kung may mukhang *konant*), ay walang salang magsisilipad siláng kasama ng̃ mg̃a malikmata, duwende, kapre at iba't iba pang lamáng-lupa upang huwag nang manaig uli magpasawaláng hangan. Siya nawa. Amen Jesús.»

El solo nombre de esta Agencia de negocios es una garantía.

Las importantes operaciones que viene realizando, testifica el crédito que ha alcanzado.

PEDRO G. ZOBOLY Y C.A
Quiotan N.o 97
Santa Cruz.

—¡Buena tinta! La mejor que conozco.
—Es de la FABRICA DE TINTAS INFANTE, premiada en la Exposición de St. Louis. Es superior á las de marca extranjera, y se vende barata en
Quiotan N.o 97
Santa Cruz.

Por cuestión de amores, Chichay y Choleng, se destrozan en descomunal batalla. De un puñetazo, Choleng le hace saltar á su rival, un colmillo, dos muelas y cuatro dientes.

Chichay, ciega de furor, se lanza con furia sobre Choleng para dejarla á su vez sin molares ni incisivos. Pero todo en vano. Choleng tiene dentadura postiza, hecha por el popular Bonifacio Arévalo, decano de los dentistas Elizondo 88 (Quiapo).

RIU HERMANOS

ESCOLTA 151 153

Para un buen equipo de viaje, este establecimiento.
Baules y maletas, de todos tamaños—Porta mantas; Carteras; Bolsas de mano, toda clase de artículos de cuero; Monturas; Guarniciones.

RIU HERMANOS

ESCOLTA 151 153

—¡Qué ricos y abundantes platos sirve este Restaurant Manila.
—¡Qué bien condimentados!
—¡Qué sorbetes, Señores! ¡Jamás he probado igual!.
—No les extrañe nada de esto, porque la fama de este Restaurant es Universal.

Plaza Santa Cruz.

MRS. FARIÑAS DENTISTA

ESCOLTA N.o 90 ALTOS 1 Y 2

Nadie como Mrs. Fariñas para extraer dientes sin dolor, aún en los casos más difíciles.

Compite con los mejores dentistas del Archipiélago. Su fama es universal.

ARMERIA Y CERRAJERIA

DE

MARTIN G. LONTOC

Crespo N.o 114—Quiapo. Teléfono 4353

Reparacion de toda clase de armas de fuego por complicadas que sean; se hacen culatas de todos sistemas, cocinas de hierro reparaciones de fonógrafos, cajas de caudales, maquinas de escribir y de coser, quinqués mecánicos. Especialidad en empavonaciones.

Sus gracias pródiga ofrece
la diosa gentil y amada
á esta casa que á su amparo
la prosperidad alcanza.

Los exquisitos bizcochos
que "LA FORTUNA" despacha
los derrama esta deidad
del cuerno de la abundancia.

Calle de Dolores Santa Cruz.

PAGKABALIK SA DATI

Ang Prayle—Aalís na ba kayo? Huwag kayong magagalit ho, ako'y dito imilagay ng ating puno at dito ako dapat magpugad. *Con que*, adios po.

Ang clérigo—Saán ako patutungo ngayón? Sa Roma ay puro Prayle, at saká dito naman sa ati'y ma-patriotismong bunganga lamang. Kunwá-kunwá lamang ay ayaw sa Prayle. Mabuti pa'y isampay ko na sa bakod ang sutanang itó, diyablo!

LA VUELTA DEL FRAILE

—Ahí vá mi antiguo coadjutor...,... Me marché, pero volví. Ahora ya pueden decir que no quieren frailes. Ese ya no vuelve con su tampipe.

—¿A dónde iré yo ahora? ¿A Roma? No; allí no hay más que frailes... Luego hablarán de patriotismo mis paisanos. Al diablo la sotana y esa farsa del Vaticano!....



IMPRENTA "LA ROSA"
Crespo N.o 15 Kiapo. Manila

Los que deseen impresiones á precios baratísimos, sírvanse acudir á dicha imprenta, que hace los trabajos á conciencia.

—Sittss! Pag dáratíng sa kahiya-hiya—ani Goyo—ay ititigil mo sana.

—Hú! anó ba't ikahíhiya ko pa iyón—ang sabi ng babaing kausap,—ay nakaraan na naman at alam na ng lahat ng tao na kamí ni Berto, nang ikasal ay nakaanim na muna...

—Ah, eh kaya pala naman hindi na kayó nagkailangang mangako sa Ubandó, ay nakasiguro na muna ng isang katerbang.....

—Hindi na nga kailangan—ang sabi ni Goyo.—Nguni't kung paris nating... sa tatlóng taóng... ay hindi na gumaling galing ang iyóng *kabingihán*, at ngayóng kasál na tayo, sa pakiramdám ko'y *bingí* ka pa rin, ay paano bang di mabutí na nga ang tayo'y patulong sa Diyós.

—Eh siyenga—ang payo ng isáng babae—Ang Diyós eh talagáng marunong sa lahat. Ang di naibíbigáy ng tao, naibibigay ng Diyós.

—Ang lagay po palá—ang naisabad ko, nang di na makatiis sa pakikinig—ay Diyós na sa palagay niyo si San Pascual at si Sta. Clarang paparunín?

—Mga katiwala po ng Diyos na pinapag áasikaso sa mga hindi nag-aanák na mag-asawa.

—Katiwala po! Ano ba namang paglapastangan sa Diyós ang inyong sinasabi? Hindi po ba't si San Pascual Bailón ay uldóg, at si Sta. Clara ay mongha? Eh anó po't ipagagawa niyó sa kárunung-dununggang Diyós ang Siya'y maghalal nang dalawang katiwalang walang kamalak-malak sa *asuntong* pinagkakatiwalaan? Kung si San Pascual man lamang sana at si Sta. Clara ay gaya ninyóng mag asawa at maraming naging anák, kaipala pa'y bagay na bagay nga siyang papag-asikasuhin ng Diyós sa mga hindi nag-áanak, upang maturuan ang mga itó ng nárarapat.

—Aba, erehe yata ang taong itó!—ang sabay na tabi ng dalawang babae, habang ang lalaki'y titingín-singin sa akin.

—Bákit po erehe akó, ay kéliwanag ng aking sinásabi. Kung ang inakala pa sana niyó, ay ginawa ng Diyós, na sina S. Pascual at Sta. Clara, ay maging katiwala ó pintakasi ng mga «Dancing School,» marahil pa'y hindi katakátaká, sapagka't totoó raw siláng mahusay na mánanayaw.....

Upáng huwág nang makipagtágalan ng usap sa akin ang mga taong iyón, ay hindi na kusang nagsikibo. Nápapakurús na lamang na nagbulóng-bulóng.

Sila'y bumaba sa Sangáng-daán sa Kalookan, at akó namán ay napa sa Malabón at nakipagnobena sa *flores*.

* * *

Kahapon, sa Kiyapo ay nákita ko na namán ang mag-asawang Goyo at Sebyang nákasakáy sa pagpasa Ubandó.

Kaya palá tatakbó takbó ang lalaki, at sutsót namán ng sutsót ang babae, ay may hináhabol at tinátawag na isáng magsisinigwelas at duhat.

—Abá, kumákain palá kayó niyán, ay baka kayó kung mápaano—ang biglang bati ko nang nagbibilihan na.

—Nakú!—anáng lalaki—itó po bang taong itó, pagkagaling namin sa Ubandó, ay ayaw nang tumikím ng kanin, at sinigwelas ng sinigwelas at duhat ng duhat na lamang ang hináharap.

—At bakit po namán?—ang kunwa'y pa*inocente* kong tanóng.

—Mangyari po ba'y taós na taós at maghápuna't magdámagan ang ginawa naming sayáw sa Ubandó, ay saán di siyá...

—Aaaah!...

—Kumain po kayó—ang alok sa akin ng babae.

—Salamat po: baka akó'y maging antukin.

—Nakú namán kayó! hindi pooo: walang anomán.

—Wala raw ay hayá't namumungay na parati ang inyóng mata sa kákakain ng maasim at sa antók.

Napatingin sa kanya ang asawa, at nakitang nagkakangpupungay nga ang mata sa pagtitig sa akin. Diwa'y pinasukan ang lalaki ng masamang kutog, ang ginawa'y inirapan si Sebya at ni aya na ng pabastós na lumayo sa akin.

Nang malayo layo na'y náriring kong nagsísinghalan:

—Pará nákakatuwaán ko lamang naman iyóng lalaki, at magandá eh, nagagalit ka na...

—Ayoko, ayoko: maglihé ka na sa lahát ng sinigwelas mong gustó at duhat, nguni't ayoko sa ibang lalaki. ¿Kung mámukha roon ang anák mo?

—Eh, ano, sa lihé lamang namán?

—Maskína: ayoko!

—Adyús!—ang nasabi ko na lamang sa sarili—ang babae palang iyo'y maysakit na *ihirias* at ang lalaki ay *celorias*. Ang nagagawa ng San Pascual at Santa Clarang iyan, ay mula pa ng basag-ulo! ....

ALISTO MATANG-BAKA.

A nuestros favorecedores

Este Semanario Satírico, no admite suscriciones; pero en cambio, se despacha en Manila á DIEZ CÉNTIMOS número en casi todas las Librerías establecidas en esta capital y en las calles de la ciudad.

Para los Estados Unidos y provincias de las Islas Filipinas, -P- 3. pago anticipado por veinte números ó sea -P- 0'15 número con el franqueo.

Para los demás pais del extrangero, -P- 4. pago anticipado tambien por 20 números ó sea á -P 0'20 número.

El número de nuestra tirada asciende á 3.500 ejemplares.

MÁQUINAS PARA COSER
MÁQUINAS PARA BORDAR

SINGER

Escolta 33 MANILA

PAGOS SEMANALES.



Asma, complicada con reuma articular y siferolitis del hipocondrio; fiebre, 40 grados; debilidad general. Eso no es nada, amigo.

¿Nada, y tengo dispetfirolitis, y reuma, y asma? Ya lo decía mi Señora madre política: ¡Prepárate, hijo mío, para una buena muerte.

—Todo esto desaparece fumando cigarrillos *Germinal*, Comillas 4.



—Chico, ¿de donde vienes y á donde vas tan cargado?

—Pues, de donde quieres que venga mas que de la "AGENCIA EDITORIAL"? Allí acabo de adquirir todos estos artículos por muy poquisimo dinero y voy á casa á darme un buen atracón de buena lectura, y despues á escribir á mi adorado tormento, que en cuanto vea que la escribo en tan magníficos papeles y la regalo tan buenos libros no será tan desdeñosa conmigo y me dará pronto el Sí.

—Sí? pues yo también voy allá á hacer lo propio, para despues regalarlo á mi futura suegra.

—¿Como, á tu suegra y no á tu novia?

—Porque aquella es la que se opone á mis relaciones con su bella hija.

—Ah! no te detengas, sino quieres perder el cariño de la chica, corre pronto á la "Agencia Editorial" que lo bueno pronto se acaba. Adios y recuerdos á tu suegra. Carriedo 38 al 44.

Restaurant LA BRISA FILIPINA

JABONEROS 161-163

Para un buen menú y un servicio esmerado, este popular Restaurant, que se vé favorecido diariamente por mucha gente elegante y de buen gusto.



Fábrica de Pianos de Pio Trinidad

RONQUILLO, STA. CRUZ.

Los pianos que fabrica esta casa han llamado poderosamente la atención en el Extranjero, por la calidad de las maderas de la caja, por el metal de su voz y por su forma artística. Ya rivalizan con los mejores del mundo.

El que quiera comprar ó vender ventajosamente alhajas ó papeletas de empeños debe acudir á

J. MOLINA, Clavel n.o 145.—Binondo.

Las condiciones que ofrezco á mis clientes, no pueden ser más ventajosas y seguras. Lo atestigua mi sólida reputación.